# Di Magiging Mahapdi ang Inyong Paglipat mula sa Mundong Ito Tungo sa Aking Bagong Kaharian

Miyerkules, Ika 27 ng Marso, 2013 sa 11:15 ng Gabi

Pinakamamahal kong anak, halikayong lahat at samahan ako sa paggunita sa araw na kayo'y binigyan ng dakilang Biyayang Pagtubos. Ang Biyernes Santo ay dapat gunitain bilang araw kung kelan ang Pintuan ng Paraiso ay binuksan sa wakas upang mainit na tanggapin ang mga anak ng Diyos mula sa kanilang pagkakatapon malayo sa Kanya. Ang Aking Kamatayan ay nagbigay sa inyo ng tiyak na kinabukasan na di ninyo kailanman makakamtan kung hindi Ako sinugo bilang Mesiyas. Ipinako sa krus ang Aking Katawan ngunit ang Aking kamatayan ay nagbigay sa inyo ng buhay. **Sa panhong ito ng Aking Pangalawang Pagdating, dadanasin ng Aking Katawan ang parehong Pagpapako sa Krus – kaya nga lamang, ngayo'y ang Aking Simbahan, ang Aking Mistikong Katawan, ang siyang magdurusa.** Dapat nyong malaman na di ko kailanman papayagang masira nitong pagpapako sa krus ng aking Simbahan, ang pananampalataya ng mga anak ng Diyos. Kaya ngayo'y nananawagan ako sa bawat tao, bawat pananampalataya, bawat kulay at bawat lahi na makinig sa Akin.

**Malapit nyo nang maranasan ang lahat ng palatandaan sa lupa, na magsisilbing patunay sa inyo na kayo ay Likha ng Diyos.** Malapit nyo nang malama**n** na di kayo kailanman mamamatay kung kayo'y tatawag sa Awa ng Diyos. Maliwanag ang kinabukasan nyong lahat na tumatanggap na kayo'y mga mahal na anak ng Diyos. Inaanyayahan kita, ang iyong pamilya at mga kaibigan na sumama sa Aking Kaharian at sumalo sa Aking Mesa.

**Ang inyong paglipat mula sa mundong ito tungo sa Aking Bagong Kaharian ay magiging di mahapdi, kaagad at ganun kabilis kaya halos di pa kayo nakakabuntong-hininga ay nakaladlad na sa inyo ang kagandahan nito.** Huwag nyo namang katakutan ang Aking Pangalawang Pagdating, kung mahal nyo ang Diyos. Mahal kayo ng Diyos. Mahal Ko kayo. Aakapin ng Santisima Trinidad ang mundo, at lahat ng tumatanggap sa Aking Kamay ng Awa, at pinagsisisihan and kanilang makasalanang buhay, ay maliligtas. **Ang malalakas ang pananampalataya sa inyong hanay ay mabilis na ililipat. Mas matatagalan ang mga mabagal kumilos, kulang sa pananampalataya at di magawang lumapit sa Akin.**

Mga tapat Kong alagad, kailangang tulungan nyo ang mahihina at naliligaw. Ganun kalaki ang Aking Awa, kaya bibigyan ko ng sapat na panahon ang mga kaluluwang ito para dalhin sila sa buhay na walang hanggan na ipinangako Ko sa lahat. Huwag na huwag kayong panghihinaan ng loob kung mukhang wala nang pag-asa, habang patuloy na nilalamon ng kasalanan ang kaluluwa ng mahihina. Kailangang sama-sama tayong magtrabaho upang iligtas ang mga napakalayo pa sa Akin kaya halos walang makaakit sa kanila tungo sa aking Mga Braso.

Sa pamamagitan ng inyong pagmamahalan sa isa't isa, may mga himalang magpapabalik-loob sa mga kaluluwang naliligaw. Ipinangangako Ko ito sa inyo. Ang panalangin, at marami nito, ay magiging bahagi ng inyong tungkulin sa Akin upang iligtas ang mga kaluluwang ito sa nakakakilabot na katapusan na inihahanda ni Satanas para sa mga anak ng Diyos na kanyang kinamumuhian. Hindi dapat mapasakanya ang mga kaluluwang ito.

**Ang Panawagan Ko ay para sa bawat isa. Ang Mga Mensaheng ito ay walang relihiyong di-isinasali. Sa halip ay ibinibigay ito sa bawat anak ng Diyos nang may malaking Pagmamahal, sapagkat kayo'y pantay-pantay sa Kanyang Paningin.** Maging payapa kayo at magtiwala sa Pag-ibig ng Diyos.

Ang inyong Jesus

# Ang Panganib na Mawala ang Banal na Komunyon ay Ipapakita sa Iyo.

Huebes, ika-28 ng Marso, 2013 sa 09:30 ng Gabi

Pinakamamahal kong anak, ngayo'y nauunawaan mo na kung gaano katindi ang pagkamuhi ni masama sa Misyong ito. Gayunpaman, dapat mong lampasan ang mga malupit na hadlang na inilalagay sa harapan mo para pabagalin ang Aking Gawain.

**Ang panganib na mawala ang Banal na Komunyon ay ipapakita sa iyo sa labis na pagmamayabang ng mga nasa loob ng Aking Simbahan, na ang kanilang planong palitan ang Katotohanan ay buong-puso na nilang sinimulan.**

Di na mahalaga kahit pa marami sa inyo na kinukutya ang aking Misyon para ihanda ang inyong mga kaluluwa sa Dakilang Araw. Darating din ang panahon na malalaman din ninyo na Ako nga, si Jesukristo, Ang dumarating sa inyo para kayo'y pagsilbihan.

Ako ang inyong Panginoon at ang inyong Lingkod. Kayong aking mga banal na lingkod, tandaan nyo ang inyong papel na dapat gampanan, at huwag na huwag itong kalilimutan. Bilang mga lingkod, hindi kayo pwedeng maging mga panginoon din. Sapagkat kung kayo'y panginoon, hindi nyo Ako mapaglilingkuran. Marami sa inyong nasa loob ng Aking Simbahan ay nakalimot na sa mga itinuro sa inyo. Nalimutan nyo na ang Salita ng Diyos.

Ang Pangako Ko ay bigyan kayo ng Pagkain ng Buhay – ang Aking Katawan at Dugo – ngunit, minsan pa, ay inyo Akong itatatwa. Gagawin nyo ito sa pamamagitan ng pag-alis ng Banal na Komunyon sa Templo ng Diyos at papalitan nyo Ito ng isang bangkay. Napakatuso ng gagawing pagpapalit kaya di nyo agad madidiskubre ang masamang gawang ito na ipalulunok sa inyo.

**Sapagkat ang Aking Katawan, sa pamamagitan ng Banal na Komunyon, ang bumubuhay sa inyo, ang kamatayan ng Aking Katawan, ang Aking Simbahan, ay magdadala ng kamatayan sa mga kaluluwang tumatanggi sa Akin.**

Ang panahon ng kasuklam-suklam na gawain ay malapit na malapit na. Halos nasa inyo na ang panahon ng pagpili sa Aking Daan, o sa daan ng di-totoong propeta. Magmasid kayo ngayon habang pinipilipit ng nagpapanggap ang katotohanan. Pagmasdan nyo kung paano niya itaas ang kanyang

sarili sa Aking Sandalyas ngunit tatangging lumakad sa daan ng Katotohanan bilang isang lingkod ng Diyos.

Ang Inyong Jesus

# Sa Araw na ito Ipapako sa Krus ang Aking Simbahan sa Lupa. Sa Araw na ito Magsisimula ang mga Pagbabago.

Biyernes, Ika- 29 ng Marso, 2013 sa 12:15 ng Umaga

## Biyernes Santo (Unang mensahe)

Pinakamamahal kong anak, sa araw na ito ipapako sa krus ang aking Simbahan sa lupa.Sa araw na ito magsisimula ang mga pagbabago na magiging mabilis at mangyayari para palitan ang mukha ng Simbahang Katolika sa mundo.

Pagkatapos nito ay pagsasamahin ang lahat ng doktrina, na ipapakita sa mga karatula sa mga pampublikong lugar at sasadyaing makita ng madla.

Pagmasdan nyo ngayon, habang ang lahat ng sinabi ko sa inyo ay magkakatotoo.Hinahamon ko ang ilan sa inyo na tanggihan ang nakakasuklam na katotohanan pag pinilit kayong lumunok ng kasinungalinan.

Kayong mga alagad Ko, kailangang ipagtanggol nyo ang Aking Mga Sakramento at kayo'y maging mapagbantay. Kayong mga alagad Kong banal, malapit na kayong subukan, sapagkat kukuwestyunin ang aking pagiging Diyos. Ang Mga Batas ng Diyos ay babaguhin, at sa oras na pakialaman ang Aking Banal na Komunyon, babagsak nang napakalakas ang Kamay ng Diyos kaya agad nyong malalaman na ang Mga Mensaheng ito ay nagmumula sa Langit.

Ang Aking Hapis ay magiging inyong hapis. Ang inyong lungkot, dahil sa inyong kaalaman ng Katotohanan, ay gagawing imposible para sa inyo na tanggapin ang mga sakrilehiyong ipag-uutos na tanggapin ninyo.

Gayunpaman, kung hindi nyo tatanggapin ang Aking propeta at ang Mga Salitang ibinibigay Ko sa kanya, bibigyan ko pa rin kayo ng panahon. Sapagkat malapit nang hilingin sa inyo ng inyong mga pinuno na magpanibago kayo ng inyong mga pangako. Hihilingin sa inyo sa pamamagitan ng sinumpaang patotoo na ialay ang inyong buhay sa mga batas ng paganismo. Pag ginawa nyo ito, mapapasakamay kayo ni masama at makakalaban nyo ang Diyos.

Kailangang magpakatatag kayo at manatiling tapat sa Akin at kailangang humingi kayo sa Akin ng patnubay sa panahong ang taong nakaupo sa Upuan ni Pedro, na tumatangging sumunod sa kanyang mga yapak o magsuot ng kanyang sandalyas, ay sisirain ang inyong katapatan sa Diyos. Ngayong nasasaksihan na nyo ang Pagpapako sa Krus ng Aking Simbahan sa lupa, tatawagin ko kayo para ipahayag ang Katotohanan ng Diyos. Patuloy ko kayong tatawagin para protektahan kayo. Titiyakin ko na ang Aking Simbahan, ang mga mananatiling tapat sa Aking Mga Turo, Mga Sakramento at sa Salita ng Diyos, ay patuloy na mabubuhay sa mga natitira na hindi kailanman Ako lilisanin.

Ilan sa hanay nyo ang magkakanulo sa Akin sa araw na ito. Ang ilan naman ay kokondenahin ang Aking Mga Sakramento dahil mahinang mahina na para ipagtanggol ang Salita ng Diyos. Ang ilan sa inyo na nagsususpetsa na sa katotohanan at nagsisikap ikalat ang Aking Salita ay magdurusa sapagkat wala kayong tapang na panindigan ang Katotohanan. Ngunit mananatili pa rin kayong tapat sa Akin sapagkat alam nyong hindi nyo kayang mabuhay na wala ang Aking Pag-ibig.

Pakinggan nyo ang Aking Tinig. Ihilig nyo ang inyong pagod na ulo sa Aking Balikat at hayaan nyong yakapin ko kayo sa panahong ito. Lagi ko kayong poprotektahan.

Ang Inyong Jesus